
8

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 5
## Mga Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikawalong Baitang**
**Alternative Delivery Module**
**Unang Markahan – Modyul 5: Mga Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark,* palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Mga Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Mga Manunulat:** | Elgemary S. Abata, Emely B. Pactorayan |
| **Mga Editor:** | Filipina F. Meehlieb, Alfie S. Lito, Lilifreda P. Almazan, Benny T. Abala, Analiza G. Doloricon, John M. Anino, Lalaine S. Gomera, Dan Ralph M. Subla |
| **Mga Tagasuri:** | Marino L. Pamogas, Leowenmar Corvera, Edwin C. Salazar, Honorato Mendoza, Maria Theresa Jane B. Edulan, Marina B. Sanguenza, Edwin Capon, Joel Plaza, Fatima Notarte, Marites Alzate, Junel D. Lapinid |
| **Tagaguhit:** | |
| **Tagapaglapat:** | Paul Andrew A. Tremedal |
| **Mga Nangasiwa:** | Francis Cesar B. Bringas, Isidro M. Biol, Jr. Maripaz F. Magno Josephine Chonie M. Obseñares Karen L. Galanida, Florence E. Almaden, Carlo P. Tantoy, Noemi D. Lim, Sammy D. Altres, |

**Inilimbag sa Pilipinas ng ___________________**

**Kagawaran ng Edukasyon – Caraga Region**

Office Address: Teacher Development Center,
J.P. Rosales Avenue, Butuan City, Philippines 8600
Telefax: (085) 342-8207; (085) 342-5969
E-mail Address: caraga@deped.gov.ph

8

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 5
## Mga Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Araling Panlipunan 8** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Mga Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang $21^{st}$ *century skills* habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:



Malugod na pagtanggap sa **Araling Panlipunan 8** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Katangiang Pisikal ng Daigdig!**

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at *icon* na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang iyong mga sagot sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto na makikita sa huling bahagi ng modyul. |

| | | |
|---|---|---|
|  | ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
|  | ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
|  | ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
|  | ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyo na panibagong gawain upang pagyamanin ang kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
|  | ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng mga pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mga mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ang pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagdaloy. Maaaring humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino mang kasamahan mo sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, mararanasan mo ang makahulugang pagkatuto at makakukuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Pamantayang Pangnilalaman

Ang mga mag-aaral ay naipamamalas ang pag-unawa sa interaksiyon ng tao sa kaniyang kapaligiran na nagbigay-daan sa pag-usbong ng mga sinaunang kabihasnan na nagkaloob ng mga pamanang humubog sa pamumuhay ng kasalukuyang henerasyon.

## Pamantayan sa Pagganap

Ang mga mag-aaral ay nakabubuo ng panukalang proyektong nagsusulong sa pangangalaga at preserbasyon ng mga pamana ng mga sinaunang kabihasnan sa daigdig para sa kasalukuyan at sa susunod na henerasyon.



# Alamin

Ang modyul na ito ay sadyang inihanda upang matulungan ka na maunawaan ang mga mahahalagang datos tungkol sa mga sinaunang kabihasnan ng Ehipto, Mesopotamia, India, at Tsina batay sa pinagmulan at katangian, pulitika, ekonomiya, kultura, relihiyon, paniniwala at lipunan. Ang kaalaman mo sa mga sinaunang kabihasnan ay mabisang hakbang upang iyong makilala at mapahalagahan ang mga naging ambag ng mga sinaunang kabihasnang ito.

Ang mga paksa na nakapaloob sa modyul na ito ay sistematikong inayos upang maging mas maganda ang daloy ng iyong pag-aaral.

May mga angkop na gawaing inihanda para sa iyo upang maging makabuluhan ang iyong pag-aaral. Kailangan mong gawin o sagutan ang lahat ng mga gawain sa modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot.

Ang modyul na ito ay nakapokus sa **Mga Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig** na nahahati sa sumusunod na paksa:

- **Paksa 1**- Ang Kabihasnang Mesopotamia sa Kanlurang Asya
- **Paksa 2**- Ang Kabihasnang Indus sa Timog Asya
- **Paksa 3**- Ang Kabihasnang Tsino sa Silangang Asya
- **Paksa 4**- Ang Sinaunang Kabihasnan sa Africa

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto:**

- Nasusuri ang sinaunang kabihasnan ng Ehipto, Mesopotamia, India at Tsina batay sa pulitika, ekonomiya, kultura, relihiyon, paniniwala at lipunan. (**MELC5)**

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang iyong:

- nasusuri ang heograpikal na kalagayan ng mga sinaunang kabihasnan at ang kani-kanilang naiambag sa daigdig;
- natutukoy ang mga mahahalagang ambag ng mga sinaunang kabihasnan sa iba't ibang larangan;
- naiisa-isa ang mga mahahalagang pangyayari sa pagsulong ng mga sinaunang kabihasnan sa daigdig;
- nasusuri ang kalagayang pulitika, ekonomiya, at paniniwala ng mga sinaunang kabihasnan;
- nakakalikha ng poster na naglalarawan ng kahalagahan ng pagtatanim.



## *Subukin*

Basahin at unawain ang mga tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ang mga sagot sa sagutang papel.

1. Sino ang pinuno na nagtatag ng bagong imperyo ng *Babylonia* matapos pangunahan ang isang pag-aalsa laban sa *Assyria*?
   A. *Cyrus the Great* C. *Nebuchadnezzar II*
   B. *Nabopolassar* D. *Sargon I*

2. Anong lungsod ang matatagpuan sa bahagi ng daluyang *Indus River*?
   A. *Mohenjo-Daro* C. *Olmec*
   B. *Harappa* D. *Teotihuacan*

3. Ano ang tawag sa sagradong aklat na tinipong himnong pandigma, sagradong ritwal, sawikain at mga salaysay ng mga *Hindu*?
   A. Bibliya C. Ritwal
   B. Koran D. Vedas

4. Ano ang tawag sa isang kaisipan na humubog sa kamalayan ng mga Tsino na naglalayong magkaroon ng isang tahimik at organisadong lipunan sa pamamagitan ng pagpapabuti sa sarili at pagpapahalaga sa ugnayan ng mga tao sa lipunan?
   A. *Confucianism* C. *Legalism*
   B. *Daoism* D. *Taoism*

5. Ano ang tawag sa pinuno ng sinaunang Ehipto na itinuturing na diyos at taglay ang mga lihim ng langit at lupa?
   A. Hari C. Pangulo
   B. Pari D. Paraon

6. Anong bansa sa kasalukuyan ang pinagmulan ng kabihasnang naganap sa lambak-ilog ng Nile?
   A. Ehipto C. Iraq
   B. India D. Tsina

7. Alin sa sumusunod ang hindi kasama sa mga sinaunang kabihasnan ng daigdig?
   A. Kabihasnang *Mesoamerica* C. Kabihasnang Indus
   B. Kabihasnang *Mesopotamia* D. Kabihasnang Tsino

8. Ito ang tawag sa sinaunang sistema ng pagsulat ng mga taga-Ehipto.
   A. *Caligraphy* C. *Hieroglyphics*
   B. *Cuneiform* D. *Pictogram*

9. Ang tawag sa relihiyon na tinangkilik ng Dinastiyang Tang na naniniwala sa "Apat na Dakilang Katotohanan" ay_____.
   A. Budhismo
   B. Hinduismo
   C. Katolisismo
   D. Sikhismo

10. Alin sa sumusunod ang kaisipang umusbong sa Tsina na nagbigay halaga sa pagkakaroon ng isang organisadong lipunan?
   A. Budhismo
   B. Confucianismo
   C. Legalismo
   D. Taoismo

11. Bakit mahalaga ang lambak-ilog sa pag-usbong ng sinaunang sibilisasyon?
   A. Ang lambak-ilog ay mainam sa pagtatanim dahil sa matabang lupa.
   B. Ang lambak-ilog ang naging pinagkukunan ng suplay ng tubig sa komunidad.
   C. Ang lambak-ilog ang tulay ng transportasyon at kalakalan.
   D. Lahat ng nabanggit.

12. Ano ang ipinapahiwatig nang pagkakaroon ng cuneiform ng mga *Sumerian* at *hieroglyphics* ng mga taga Ehipto?
   A. Ang mga sinaunang tao ay matatalino.
   B. Ang mga sinaunang tao ay mga manunulat.
   C. Ang mga sinaunang tao ay mayroon ng sistema ng pagsulat.
   D. Ang sinaunang kabihasnan ay mayroong sistema ng komunikasyon.

13. Bakit mahalaga ang pag-unlad ng isang pamayanan?
   A. Napapaunlad nito ang ekonomiya sa paggawa at kalakalan.
   B. Natutugunan ang problema ng kakapusan sa pagkakaroon ng makabagong teknolohiya sa produksiyon.
   C. Nagkakaroon ng organisadong paninirahan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pamahalaan at batas, pananampalataya, sistemang edukasyon at iba pa.
   D. Lahat ng nabanggit.

14. Alin sa sumusunod na pangungusap ang naglalarawan sa kapaligiran at nakatulong sa paglinang ng mga sinaunang kabihasnan?
   A. Nagkaroon ng *specialized labor* batay sa kakayahan at kasanayan.
   B. Ang mga Sumer ay gumamit ng luwad o *clay-tablets* sa kanilang pagsusulat.
   C. Ang kabihasnang Ehipto ay nakapag-imbento ng teknolohiya para sa pagtukoy ng oras.
   D. Dahil sa sobra-sobrang produksiyon ng agrikultura napaunlad ang kalakalan o komersiyo.

15. Bakit kinikilala ng mga sinaunang tao ang kanilang pinuno bilang Diyos?
   A. Ang mga pinuno ang nagtatakda ng buwis.
   B. Ang mga pinuno ang may responsibilidad sa kaayusan ng sinasakupan.
   C. Ang mga pinuno ang namumuno sa pagpapalawak ng teritoryo at pagpapatayo ng pook-sambahan.
   D. Ang mga pinuno ang batas at dahilan ng pagsikat ng araw, pagbaha at pagtubo ng mga pananim.

# Aralin 1 Mga Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig



## *Balikan*

Batay sa nakaraang paksa, ibigay ang mga lambak-ilog na siyang pinagmulan ng mga sinaunang kabihasnan sa daigdig. Isulat ang mga hinihingi sa sagutang papel.


1. Ehipto -
2. Mesopotamia -
3. India -
4. Tsina -



## *Tuklasin*

**Gawain**: Paksa: Kabihasnan—Katuturan at mga Batayan.
Gawin ito sa sagutang papel.

a. Magbigay ng mga salitang maaring iugnay sa konsepto ng kabihasnan.




b. Batay sa nabuong *concept map*, ano ang iyong mahihinuha sa salitang kabihasnan? Isulat ang sagot sa sagutan papel.



# Suriin

Basahin at unawain ang teksto tungkol sa heograpikal na kalagayan ng mga sinaunang kabihasnan at ang kani-kanilang mga naiambag sa daigdig.

**Ang Kabihasnang Mesopotamia sa Kanlurang Asya**

Kung matatandaan ang mga sinaunang kabihasnan ay nagmula sa mga lambak-ilog o river valley. Ang kabihasnang Mesopotamia ay unang umusbong sa pagitan ng dalawang ilog. Ang dalawang Ilog Tigris at Ilog Euphrates na siyang pinagmulan ng kabihasnang ito. Kaya tinatawag itong Mesopotamia na mula sa salitang Griyego na meso o “pagitan”at potamos o “ilog.” Sa madaling salita ang kahulugan ng salitang Mesopotamia ay lupain sa “Pagitan ng dalawang Ilog.”

Paano nga ba pinaunlad ng iba’t ibang kabihasnan ang kanilang pamayanan? Marahil ay naitanong mo ito habang sinusuri ang unang bahagi ng ating aralin sa modyul na ito.

Maraming mga pangkat ng mga taong naninirahan sa Mesopotamia. Kadalasan ang bawat pangkat ay may maraming naiambag na siyang nagpapatibay at nagbigay ng mga impluwensiya sa susunod pang mga pangkat. Binubuo ang Mesopotamia ng mga kabihasnang Sumer, imperyong Akkad, Babylonia, Assyria, at Chaldea.

**Mga Pangkat na Naninirahan sa Mesopotamia**

| Sibilisasyon | Mga Mahalagang Pangyayari |
|---|---|
| Sumerian (3500-2340 BCE) | • Isang nomadikong pangkat na unang namalagi sa ilog-lambak ng Mesopotamia.<br>• Ang mga pari at hari ang pinakamataas sa hirarkiya ng lipunan. Kasunod dito ang mga mayayamang mangangalakal at ang mga ordinaryong taong nagsasaka. Pinakamababang antas sa lipunang Sumer ay ang mga alipin.<br>• Naniniwala sila sa maraming diyos at diyosa na *anthropomorphic* o may katangian at pag-uugaling tao. Tinatayang mayroong 3,000 diyos at diyosa ang mga Sumer.<br>• Nakaimbento sila ng sistema ng pagsusulat na tinatawag na cuneiform |

| | |
|---|---|
| Akkadian (2340-2100 BCE) | ● Ang mga Akkadian ang nagpabagsak sa Kabihasnang Sumer sa pamumuno ni Sargon I (2334-2279 BCE).<br>● Nakapagpatayo siya ng kauna-unahang imperyo na nakasentro sa lungsod-estado ng *Ur.*<br>● Bumagsak ang Dinastiyang Ur sa pagsalakay ng mga *Amorite* at *Hurrian* sa Mesopotamia. Sa loob ng sumunod na tatlong siglo, ang mga lungsod-estado sa katimugan, partikular ang Isin at Larsa, ay nagtunggalian upang makontrol ang rehiyon. |
| Babylonian (1792-1595 BCE) | ● Ang mga Babylonians ay mga lagalag na Amorites, isang semitikong pangkat na naninirahan sa Mesopotamia. Kalaunan, ginawang kabisera ng mga Amorites ang lungsod ng Babylonia at nagtatag ng imperyo sa pamumuno ni *Hammurabi*. Sa panahon ng kaniyang paghahari, nasakop ni Hammurabi ang mga kaharian sa hilaga, kabilang ang kahariang Ashur.<br>● Nagtakda si Hammurabi ng batas at tinawag itong Hammurabi Code. Ito ay batas na naniniwala sa prinsipiyo ng paghihiganti na kung tawagin ay *lex taliones* o "*mata sa mata, ngipin sa ngipin.*"<br>● Nang mamatay si Hammurabi ay nagkawatak-watak ang kaharian ng Babylonia. |
| Assyrian (1813-605 BCE) | ● Ang mga Assyrian ay mga malulupit at mababagsik na pangkat na naninirahan sa bulubunduking rehiyon sa hilaga ng Babylon. Sakop ng rehiyong ito ang hilagang bahagi ng Ilog Tigris hanggang sa mataas na kabundukan ng *Armenia*.<br>● Noong ika-9 na siglo BCE, nagpadala sila ng mga ekspedisyong militar pakanluran upang mapasakamay ang mahahalagang rutang pangkalakalan at makatanggap ng tributo.<br>● Isa si *Ashurbanipal* (*circa* 668-627 BCE) sa mga haring kinakitaan ng maayos na pamamahala sa kaniyang panahon.<br>● Pinabagsak ng mga *Chaldean* ang Assyria sa isang pag-aalsa. |
| Chaldean (612-539 BCE) | ● Ang Chaldean ay matatagpuan sa katimugang bahagi ng Babylonia at silangang pampang ng Ilog Euphrates.<br>● Si *Nebuchadnezzar II* - ang pinuno ng imperyo nang natamo nito ang rurok ng kadakilaan. Siya rin ang nagpagawa ng *Hanging Gardens of Babylon* para sa kaniyang asawa. Kinilala ito ng mga Greek bilang isa sa *Seven Wonders of the Ancient World*.<br>● Noong 539 BCE, ang Babylon ay nilusob ng hukbo ni Cyrus the Great ng Persia hanggang tuluyang naging bahagi ng mas malawak na imperyo ng mga Persian ang Mesopotamia. |

| | |
|---|---|
| Persian (539-330 BCE) | • Sa ilalim ng pamumuno ni Cyrus The Great (559-530 BCE) – nagsimulang manakop ang mga Persian. Napasailalim nila ang mga Medes at Chaldean ng Mesopotamia at Asia Minor (kasalukuyang Turkey).<br>• Ang pamumuno ni Darius The Great (521-486 BCE) ay umabot hanggang India. |

**Pamprosesong Tanong:**

Ano ang pinakamahalagang ambag ng kabihasnang Mesopotamia sa larangan ng paggawa ng batas? Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Ang Kabihasnang Indus sa Timog Asya**

Ang Kabihasnang Indus ay sumibol sa pagitan ng mga lambak-ilog ng Mohenjo-Daro at Harappa na matatagpuan sa sinaunang India sa rehiyon ng Timog Asya. Sinasabing mahirap na lubusang mabatid ang sinaunang kasaysayan ng India. Nakahukay nga ang mga arkeologo ng mga kasangkapang ginamit ng mga ninuno subalit hanggang sa kasalukuyan, hindi pa rin nauunawaan ng mga iskolar ang mga naiwang sistema ng pagsulat ng sinaunang kabihasnan ng India.

Unang naninirahan sa mga lungsod na ito ang mga Dravidian. Mailalarawan ang mga Dravidian bilang mga maiitim na tao na naninirahan sa isang maliit na pamayanan. Malinaw ang pagpapangkat-pangkat ng mga tao sa lipunang Indus. Ang mga naghaharing-uri tulad ng mga mangangalakal ay nakatira sa bahagi ng moog. May mga bahay na gawa sa tatlong palapag na katibayan sa pagkakahati-hati ng lipunan sa iba't ibang uri ng tao.

Nakagawa sila ng mga irigasyon para sa kanilang pagsasaka. Nag-alaga rin sila ng mga hayop. Nagtatag rin sila ng mga daungan patunay lamang na sila ay naglalakbay at nakikpagkalakalan rin sa mga karatig pook.

Samantala ang mga Aryan naman ay naninirahan din sa Indus. Sila ay inilarawan bilang matatangkad at mapuputing tao. Dumating ang mga Aryan sa panahong mahina na ang kabihasnang Indus. Napapaloob sa kanilang *Vedas* ang tinipong akda ng mga himnong pandigma, mga sagradong ritwal, mga sawikain at mga salaysay.

Hindi tiyak ng mga mananaliksik ang mga paliwanag ukol sa pagtatapos ng kabihasnang Indus. May mga haka-haka na maaaring naglaho ito dahil sa pagsabog ng bulkan, pananalakay ng ibang pangkat, at labis na pagbaha.

**Pamprosesong Tanong**

Ano ang mahalagang patunay na naging maunlad at mayaman ang kabihasnang Indus? Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Tiyak na sapat na ang iyong kaalaman sa mga pangyayaring naganap sa Kabihasnang Mesopotamia at Indus. Ngayon ay suriin mo ang mayamang kabihasnan ng mga Tsino.

## Ang Kabihasnang Tsino sa Silangang Asya

Ang kabihasnang Tsino ay umusbong malapit sa tabing-ilog ng *Yellow River* o Huang Ho. Ang ilog na ito ay dumadaloy patungo sa *Yellow Sea.* Itinuturing itong isa sa pinakamatandang kabihasnang sa buong mundo gaya ng sa Kabihasnang Mesopotamia at Kabihasnang Indus. Kapag umaapaw ang Huang Ho, ito ay nag-iiwan ng banlik na nagsisilbing pataba sa lupa. Ito ang dahilan kung bakit nakapamumuhay ang mga sinaunang Tsino bilang mga magsasaka na siyang sanhi ng kanilang pamamalagi na nagdulot ng pagkakatatag ng unang dinastiya ng *Xia*.

**Mga Dinastiya sa Sinaunang Tsina**

| Dinastiya | Mga Mahalagang Pangyayari |
|---|---|
| Xia<br>(2000- 1570 BCE) | ● Sinasabi na ito ang kauna-unahang Dinastiyang umusbong sa Huang Ho.<br>● Hindi pa ito lubusang napatutunayan dahil sa kawalan ng matibay na ebidensiyang arkeolohiya. |
| Shang<br>(1570 - 1045 BCE) | ● Ang dinastiyang ito ay gumagamit na ng bronse.<br>● Ayon sa mga mananaliksik, may naiwang pinakalumang kasulatan na nakaukit sa mga *Oracle Bone*s.<br>● Kadalasang isinagawa ang pagsasakripisyo ng mga tao lalo na sa tuwing namamatay ang kanilang pinuno.<br>● Pinatalsik ang Shang ng mga Chou noong 1045 BCE. |
| Zhou o Chou<br>(1045 -221 BCE) | ● Ang mga tao sa panahon ng dinastiyang ito ay naniwala sa *Mandate of Heaven* o “Basbas ng Kalangitan.”<br>● Ayon sa kanilang paniniwala ang sinumang maging emperador ay pinahintulutan ng langit.<br>● Pinili siya dahil puno siya ng kabutihan. Kapag siya ay naging masama at mapangabuso, ay babawiin ng kalangitan sa anyo ng lindol, bagyo, tagtuyot, peste o digmaan. |

| | |
|---|---|
| | Umusbong sa panahong ito ang mga mahalagang kaisipang pilosopikal na humubog sa kamalayang Tsino tulad ng:<br>**Confucianismo** - Layuning magkaroon ng isang tahimik at organisadong lipunan sa pamamagitan ng pagpapabuti sa sarili at pagpapahalaga sa ugnayan ng mga tao sa lipunan.<br>**Taoismo** - Hangad ang balanse ng kalikasan at daigdig at pakikiayon ng tao sa kalikasan.<br>**Legalismo** – ang pilosopiya na naniniwala na ang tao ay ipinanganak na masama at makasarili. Subalit sila ay maaaring mapasunod sa pamamagitan ng mahigpit na batas at marahas na kaparusahan. |
| Q'in o Ch'in<br>(221 - 206 BCE) | ● Napatalsik ang Zhou ng Dinastiyang Q'ín o Ch'in na siyang nagtuguyod ng unang imperyo sa Tsina (221-210 BCE).<br>● Sa ilalim ng kanilang pamamahala, sa pamumuno ni Emperador Shih Huang Ti, ipinatayo ang Great Wall of China upang magsilbing-tanggulan laban sa mga mananalakay na tribong nomadiko na nakatira sa hilaga.<br>● Humina ang dinastiya nang mamatay si Emperador Shih Huang Ti at napalitan ng Dinastiyang Han. |
| Han<br>(202 -200 CE) | ● Ang Dinastiyang Han ang kauna-unahang yumakap ng Confucianismo<br>● Sa panahon ng kanilang pamamahala naitatag ang mga aklatan na naglalayon na mag-imbak ng mga mahahalagang kasulatan tungkol sa kasaysayan ng Tsina. |
| Sui<br>(589 - 618 CE) | ● Ang mga Sui ay nagpabuklod sa mga watak-watak na mga teritoryo ng Tsina.<br>● Isinaayos sa panahong ito ang Great Wall na napabayaan sa mahabang panahon.<br>● Ginawa rin ang Grand Canal na naglalayong mapagdugtong ang Huang Ho at Yangtze upang mapabilis ang transportasyon at mapasigla ang kalakalan ng mga karatig pook. |
| Tang<br>(618 - 907 CE) | ● Sa panahon ng Dinastiyang Tang, masagana ang lupain at mabilis ang mga pagbabago sa larangan ng sining at teknolohiya.<br>● Malawakang tinangkilik ang relihiyong Budhismo ng mga dugong bughaw at mga karaniwang tao.<br>● Pinagtibay ang *civil service examination system* na naging mahalaga sa pagpili ng opisyal ng pamahalaan. Ang pagsusulit na ito ay unang ginamit sa panahong Han subalit pinagbuti pa sa panahong Tang.<br>● Bumagsak ang dinastiya dahil sa pag-aalsa ng kanilang nasasakupan. |

| | |
|---|---|
| Sung<br>(960 - 1127 CE) | • Sa pagbaksak ng Han, humalili ang mga Sung na nagtayo ng malawakang hukbong imperial.<br>• Sa panahong ito, naging sapat ang suplay ng pagkain sa Tsina dahil sa pag-unlad ng teknolohiyang agrikultural.<br>• Nalikha ang isang paraan ng paglilimbag na nagpalago ng kanilang sistema ng imprenta.<br>• Humina ang Dinastiyang Sung sa mga pananakop ng mga barbaro dahilan ng kanilang paglisan noong ika-12 siglo. |
| Yuan<br>(1279 – 1368 CE) | • Sa paglisan ng Dinastiyang Sung pumalit ang Dinastiyang Yuan sa pamumuno ni Kublai Khan mula sa bansang Mongolia. Sa unang pagkakataon, ang kabuuang Tsina ay pinamunuan ng dayuhang barbaro.<br>• Pagkatapos ng mga labanan, naranasan ng dinastiya ang Pax Mongolica o panahon ng kapayapaan, at maayos na sistema ng komunikasyon. |
| Ming<br>(1368 – 1644CE) | • Nanumbalik ang Tsina sa mga Tsino sa pamumuno ni Emperador Zhu Yuanzhang.<br>• Isinaayos ang malaking bahagi ng Great Wall<br>• Naitayo din ang Temple of Heaven at Forbidden City sa Peking na naging tirahan ng emperador.<br>• Ang sining, kalakalan, at industriya ay napayaman partikular ang paggawa ng porselana.<br>• Maraming aklat ang nailimbag sa pamamagitan ng pamamaraang *movable type*writer.<br>• Lumaki rin ang populasyon ng Tsina na umabot sa 100 milyon.<br>• Bumagsak ang dinastiya noong 1644 dahil pinahina ito ng mga pagtutol sa mga pag-aalsa sa lipunan. Kasama rito ang pakikipaglaban nito sa Japan na sumalakay sa Korea. |
| Qing o Ch'ing<br>(1644 – 1911 CE) | • Ang Dinastiyang Qing o Ch'ing ay itinatag ng mga Manchu.<br>• Ang pagkatalo ng Tsina sa mga Digmaang Opyo laban sa Inglatera (1839-1842) at laban sa Inglatera at Pransya (1856-1860) ay malaking dagok sa imperyo.<br>• Sa pagkatalo ng Tsina, nagkaloob ito ng mga konsesyon sa mga dayuhan, kabilang ang pagkakaloob ng lupain tulad ng Hong Kong sa mga British. Pinagkalooban din sila ng karapatang pakinabangan at pamunuan ang ilang teritoryo sa Tsina bilang *sphere of influence* o mga rehiyon kung saan nangingibabaw ang kapakanang pang-ekonomiya ng nanalong bansa.<br>• Nagwakas ang sistema ng dinastiya sa Tsina nang maganap ang Rebolusyon noong 1911 na nagbigay-daan sa pagkakatatag ng Republika ng Tsina. |

## Ang Sinaunang Kabihasnan sa Africa


Hindi kailan man nagpaiwan ang Africa kung ang sinaunang kabihasnan ang pag-uusapan. Unang umusbong ang kabihasnan ng Africa sa Ehipto. Kagaya sa Mesopotamia, Indus at Tsina, umusbong din ang Kabihasnang Ehipto sa may Ilog Nile. Ang Ilog Nile ay itinuturing na pinakamahabang ilog sa buong mundo. Batay sa mga natuklasang ebidensiya ng mga arkeologo, inilarawan nilang naging matatag ang kabihasnang yumabong sa Ehipto.

Katulad ng naunang mga kabihasnan mahalaga ang papel na ginampanan ng lambak–ilog ng Nile. Ang taunang pagbaha ng bawat taon ay nagdala ng matabang lupa na naging daan upang manatili ang mga taong nanirahan sa pamayanan. Dahil mataba ang kanilang lupa, nakapagtanim ang mga magsasaka ng iba't ibang panamin.

Napatunayan rin na gumawa sila ng mga imbakan ng tubig at irigasyon upang mapaayos ang pagdaloy ng tubig patungo sa kanilang pananim.  Ang Ilog Nile ay nagsisilbing ruta sa paglalayag na nag-uugnay sa mga pamayanang malapit sa ilog at pampang. Namuhay silang payapa at sagana sa mahabang panahon.

**Pamprosesong Tanong:**

Ano ang mahalagang ambag ng Kabihasnang Ehipto sa larangan ng agrikultura? Isulat ang mga sagot sa concept map sa ibaba sa inyong sagutang papel.




Bakit mahalagang paunlarin ang pagsasaka?


**Kabihasnang Ehipto**

Napakalaki ng papel na ginampanan ng mga paraon (pharaoh) sa sinaunang Ehipto. Itinuturing silang diyos ng kanyang mga nasasakupan. Para sa mga paraon, sila ang tagapagtanggol at kontrolado nila ang pamumuhay ng mga tao. Kabilang sa kanyang mga tungkulin ang pagsasaayos ng mga irigasyon, pagkontrol sa kalakalan, pagpapatupad ng batas at pagtiyak sa kaayusan ng pamayanan.

Ayon sa mga historyador, ang kasaysayan ng Ehipto ay nahahati sa iba't ibang panahon. Ito ay makikita sa talahanayan na nasa ibaba.

| Mga Panahon | Mga Mahalagang Pangyayari |
|---|---|
| Bago ang Panahon ng mga Dinastiya (Bago ang 3100 BCE) | • Namuhay ang mga sinaunang Ehipto sa pamayanang malapit sa lambakk-ilog Nile.<br>• Naglinang ng sariling sistema ng pagsulat na tinatawag na hieroglyphics. |
| Panahon ng mga Unang Dinastiya (Una at Ikalawang Dinastiya 3100-2670 BCE) | • Sa panahong ito, pinamunuan ni Paraon Menes ang pag-iisa ng dalawang kaharian ng *Upper Egypt* at *Lower Egypt.* |
| Matandang Kaharian (Ikatlo hanggang Ikaanim na Dinastiya 2670-2150 BCE) | • Panahon ng Ikatlo at Ikaanim na Dinastiya<br>• Sa panahong ito, naitayo ang mga kahanga-hangang estraktura ng piramide ng Ehipto.<br>• Ang mga piramideng ito gaya ng *Great Pyramid* ni *Khufu* sa *Giza* ay nagsilbing libingan ng mga paraon. |
| Unang Intermedyang Panahon (Ika-7 hanggang Ika-11 Dinastiya) 2150-2040 BCE) | • Sa pagsapit ng 2160 BCE tinangka ng ng paraon ang pagbukluring muli ang Lower Egypt at Upper Egypt. Dulot niot nagsagupaan ang dalawang magkaribal na dinastiya. |
| Gitnang Panahon (Ika-12 at Ika-13 Dinastiya 2040-1650 BCE) | • Nagsagawa sila ng mga ekspedisyon upang makatuklas ng mga mahalagang bagay na maaaring minahin o mga kahoy na maaaring gamitin.<br>• Napalawak nila ang kanilang kapangyarihan sa pamamagitan ng pagpapalakas ng kanilang hukbong sandatahan at paggamit ng chariot.<br>• Pinalawig nila ang kanilang kapangyarihan hanggang sa katimugang bahagi at pinatalsik ang mga Hyksos "*prinsipe ng dayuhang lupain*". |
| Ikalawang Intermedyang Panahon (ika-14 hanggang ika-17 Dinastiya 1650-1550 BCE) | • Sa panahon ng Ika-15 Dinastiya nangibabaw ang isang bahagi ng Nile Delta na<br>• Nawalan ng kapanatagan ang at katatagan ang pamamahala sa dinastiya.<br>• Ang mga Great Hyksos ng ika-15 Dinastiya<br>• Sa ika-17 Dinastiya napatalsik ang mga Hyksos sa Ehipto. |
| Bagong Kaharian (Ika-16 hanggang ika-20 Dinastiya 1550-1070 BCE) | • Ito ang itinuturing na pinakadakilang panahon ng Kabihasnang Ehipto.<br>• Sa pamumuno ni Paraon Amenophis IV o Akhenaton, nabago ang paniniwala ng mga taga-Ehipto hinggil sa polythiesmo o pagsamba sa maraming diyos. |
| Ikatlong Intermedyang Panahon (Ika-21 hanggang ika-25 Dinastiya 1070-664 BCE) | • Sinimulan ni Smendes ng Lower Egypt ang Ika-21 Dinastiya na tinatawag na Tanites.<br>• Pinamunuan ang dinastiyang ito ng mga hari mula sa Libya at naitatag ang ika-22 Dinastiya sa pamumuno ni Shoshenq I. |

| | |
|---|---|
| | • Maraming pangkat ang nagtunggali na nais mapasakamay ang kapangyarihan hanggang sa humantong ng pagkakabuo ng ika-23 na Dinastiya.<br>• Pinamunuan ni Piye ang ika-24 na Dinastiya. |
| Huling Panahon (Ika -26 hanggang Ika-31 Dinastiya 664-330 BCE) | • Pinamunuan ni Psammetichus ang ika-26 na Dinastiya.<br>• Napasakamay ng mga Persian ang ang Ehipto sa pamumuno ni Cambysses II ang naging unang hari ng ika-27 Dinastiya.<br>• Noong 332 BCE sinakop ni Alexander the Great ang Ehipto.<br>• Malawak ang kanyang imperyo. Umabot ito sa Macedonia, Asia Minor, Persia at Mesopotamia hanggang Indus Valley sa India.<br>• Noong 323 BCE namatay si Alexander the Great at pumalit sa kanya ang kanyang kaibigang si Ptolemy. |



## *Pagyamanin*

**Gawain: Kaban Ko, Yaman Ko!**

Tukuyin kung ang pahayag sa ibaba ay nangyari sa kabihasnang Mesopotamia Tsino, Indus, at Ehipto. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

____________1. Ang kabihasnan na nag–ambag ng sistema ng pagsulat na tinawag na Cuneiform.
____________2. Nanirahan sa kabihasnang ito ang mga Aryan na nagpatuloy sa inumpisahan ng mga Dravidian.
____________3. Pinakamahalagang ambag ng kabihasnang ito ang pagpapatayo ng mga piramide na patunay sa kanilang kagalingan sa larangan ng inhenyera.
____________4. Kinikilala sa kabihasnang ito ang mahalagang papel na ginampanan ng mga paraon.
____________5. Sa kabihasnang ito itinayo ang Great Wall na nagsilbing tanggulan laban sa mga tribong nomadiko.
____________6. Ito ang kabihasnang naniniwala sa "Mandate of Heaven."
____________7. Napatanyag ng kabihasnang ito ang pagsulong ng relihiyong Zoroastrianismo.
____________8. Napagwa ang Hanging Gardens na kinikilala bilang Seven Wonders of the Ancient World.
____________9. Nagpakilala ng sistemang panlipunan na naghahati sa komunidad batay sa antas ng tao gaya ng maharlikang mandirigma, mga pari, at mga pangkaraniwang mamamayan.
____________10. Umusbong sa kabihasnang ito ang tatlong mahalagang kaisipan ang Confucianismo, Taoismo at Legalismo.

**Gawain: Hanap Kahon?**

Hanapin mula sa kahon ang tamang salita na may kaugnayan sa mga mahahalagang pangyayari na angkop sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| Cuneiform | Mohenjo-Daro at Harappa | Templong Ziggurat |
| Hanging Gardens | Sistemang Caste | Great Wall |
| Taoism | Legalism | Mandate of Heaven |
| Pyramid | Dravidian | |
| Hieroglyphics | Oracle Bones | |

1. Sistema ng pagsulat ng mga Sumerian. ______________________
2. Kambal na lungsod na umunlad sa lambak-ilog ng Indus. ______________________
3. Kaisipang umusbong sa Tsina na tumutukoy sa mahigpit na batasa at kaparusahan. ______________________
4. Bahay-sambahan ng mga Sumerian. ______________________
5. Pinakamalaking estruktura at libingan ng pinuno ng sinaunang Egypt. ______________________
6. Unang pangkat ng mga taong nanitahan sa lambak-Ilog ng Indus. ______________________
7. Tanyag na gusali sa Babylon na tinaguriang isa sa mga Seven Wonders ng daigdig. ______________________
8. Estruktura sa Tsina na nagsilbing pananggalang at proteksiyon laban sa mga dayuhanh mananakop. ______________________
9. Kaisipang umusbong sa Tsina ukol sa balanseng kalagayan ng kalikasan at daigdig. ______________________
10. Sinaunang paniniwala ng mga Tsino na ang kapangyarihan ng kanilang pinuno ay may basbas na galing sa langit. ______________________



## *Isaisip*


Dugtungan ang mga pahayag. Isulat ang dugtong sa sagutang papel.

Ang natamong kaunlaran ng daigdig ay bunga ng ________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________



## *Isagawa*

Suriin ang mga kalagayang pulitika, ekonomiya, paniniwala ng mga kabihasnan. Lagyan ng kaukulang mga katangian ang bawat aspeto.

| Mga Kabihasnan | Mga Katangian |
|---|---|
| Mesopotamia | Pulitika -<br>Ekonomiya -<br>Relihiyon - |
| Indus | Pulitika -<br>Ekonomiya -<br>Relihiyon - |
| Tsino | Pulitika -<br>Ekonomiya -<br>Relihiyon - |
| Ehipto | Pulitika -<br>Ekonomiya -<br>Relihiyon - |



## *Tayahin*

Basahin at unawain ang mga tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot.

1. Bakit mahalaga ang lambak-ilog sa pag-usbong ng sinaunang sibilisasyon?
   A. Ang lambak-ilog ay mainam sa pagtatanim dahil sa matabang lupa.
   B. Ang lambak-ilog ang naging pinagkukunan ng suplay ng tubig sa komunidad.
   C. Ang lambak-ilog ang tulay ng transportasyon at kalakalan.
   D. Lahat ng nabanggit.

2. Ano ang ipinapahiwatig nang pagkakaroon ng cuneiform ng mga Sumerian at hieroglyphics ng mga taga Ehipto?
   A. Ang mga sinaunang tao ay matatalino.
   B. Ang mga sinaunang tao ay mga manunulat.
   C. Ang mga sinaunang tao ay mayroon ng sistema ng pagsulat.
   D. Ang sinaunang kabihasnan ay mayroong sistema ng komunikasyon.

3. Bakit mahalaga ang pag-unlad ng isang pamayanan?
   A. Napapaunlad nito ang ekonomiya --- sa paggawaat kalakalan.
   B. Natutugunan ang problema ng kakapusan sa pagkakaroon ng makabagong teknolohiya sa produksiyon.
   C. Nagkakaroon ng organisadong paninirahan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pamahalaan at batas, pananampalataya, sistemang edukasyon at iba pa.
   D. Lahat ng nabanggit.

4. Alin sumusunod na pangungusap ang naglalarawan sa kapaligiran at nakatulong sa paglinang ng mga sinaunang kabihasnan?
   A. Nagkaroon ng *specialized labor* batay sa kakayahan at kasanayan.
   B. Ang mga Sumer ay gumamit ng luwad o *clay-tablets* sa kanilang pagsusulat.
   C. Ang kabihasnang Ehipto ay nakapag-imbento ng teknolohiya para sa pagtukoy ng oras.
   D. Dahil sa sobra-sobrang produksiyon ng agrikultura napaunlad ang kalakalan o komersiyo.

5. Bakit kinikilala ng mga sinaunang tao ang kanilang pinuno bilang diyos?
   A. Ang mga pinuno ang nagtatakda ng buwis
   B. Ang mga pinuno ang may responsibilidad sa kaayusan ng sinasakupan.
   C. Ang mga pinuno ang batas at dahilan ng pagsikat ng araw, pagbaha at pagtubo ng mga pananim.
   D. Ang mga pinuno ang namumuno sa pagpapalawak ng teritoryo at pagpapatayo ng pook-sambahan.

6. Sino ang pinuno na nagtatag ng bagong imperyo ng Babylonia matapos pangunahan ang isang pag-aalsa laban sa Assyria?
   A. Cyrus the Great C. Nebuchadnezzar II
   B. Nabopolassar D. Sargon I

7. Anong lungsod ang matatagpuan sa bahagi ng daluyang Indus River?
   A. Mohenjo-Daro C. Olmec
   B. Harappa D. Teotihuacan

8. Ano ang tawag sa sagradong aklat na tinipong himnong pandigma, sagradong ritwal, sawikain at mga salaysay ng mga Hindu?
   A. Bibliya C. Ritwal
   B. Koran D. Vedas

9. Ano ang tawag sa isang kaisipan na humubog sa kamalayan ng mga Tsino na naglalayong magkaroon ng isang tahimik at organisadong lipunan sa pamamagitan ng pagpapabuti sa sarili at pagpapahalaga sa ugnayan ng mga tao sa lipunan?
   A. Confucianism C. Legalism
   B. Daoism D. Taoism

10. Ano ang tawag sa pinuno ng sinaunang Ehipto na itinuturing na diyos at taglay ang mga lihim ng langit at lupa?
   A. hari C. pangulo
   B. pari D. paraon

11. Anong bansa sa kasalukuyan ang pinagmulan ng kabihasnang naganap sa lambak-ilog ng Nile?
   A. Ehipto C. Iraq
   B. India D. Tsina

12. Alin sa sumusunod ang hindi kasama sa mga sinaunang kabihasnan ng daigdig?
   A. Kabihasnang Mesoamerica C. Kabihasnang Indus
   B. Kabihasnang Mesopotamia D. Kabihasnang Tsino

13. Ito ang tawag sa sinaunang sistema ng pagsulat ng mga taga Ehipto.
   A. Caligraphy C. Hieroglyphics
   B. Cuneiform D. Pictogram

14. Ang tawag sa relihiyon na tinangkilik ng Dinastiyang Tang na naniniwala sa “Apat na Dakilang Katotohanan” ay_____.
   A. Budhismo C. Hinduismo
   B. Kattolisismo D. Sikhismo

15. Alin sa sumusunod ang kaisipang umusbong sa Tsina na nagbigay halaga sa pagkakaroon ng isang organisadong lipunan?
   A. Budhismo C. Legalismo
   B. Confucianismo D. Taoismo



## *Karagdagang Gawain*

Kung mapapansin mo sa bawat kabihasnan, pinakamahalaga sa kanilang pag-unlad ay ang sistema ng kanilang pagtatanim. Gumuhit ng poster na naglalarawan sa kahalagahan ng pagtatanim.

| **Rubric sa Pagmamarka ng Poster** | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Paman tayan | Katangi-tangi (10 puntos) | Mahusay (9 puntos) | Nalilinang (8 puntos) | Nagsisimula (7puntos) | Puntos |
| Mensahe | May malinaw at malawak na mensahe tungkol sa kahalagahan ng pagtatanim | May malinaw na mensahe tungkol sa kahalagahan ng pagtatanim | Limitado ang mensahe tungkol sa kahalagahan ng pagtatanim | Malabo at limitado ang mensahe tungkol sa kahalagahan ng pagtatanim | |
| Nilalaman | Komprehensibo , tumpak at may kalidad na impormasyon tungkol sa kahalagahan ng pagtatanim | Tumpak at may kalidad na impormasyon tungkol sa kahalagahan ng pagtatanim | Tumpak ang impormasyon tungkol sa kahalahagaha n ng pagtatanim | Kulang sa impormasyon tungkol sa kahalagahan ng pagtatanim | |
| Pagkamali khain at presentas yon | Maayos, detalyado at madaling maunawaan ang daloy ng mga kaisipan at impormasyong inilahad tungkol sa kahalagahan ng pagtatanim | Wasto ang daloy, kaisipan at impormasyong inilahad tungkol sa kahalagahan ng pagtatanim | Lohikal ang organisasyon ngunit hindi sapat upang mailahad ang kahalagahan ng pagtatanim | Hindi maayos at maunawaan ang mga impormasyon g inilahad tungkol sa kahalagahan ng pagtatanim | |
| | | | | **Kabuuang Puntos** | |

# *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

| | | |
|---|---|---|
| 1. B | 6. A | 11. D |
| 2. A | 7. A | 12. C |
| 3. D | 8. C | 13. D |
| 4. A | 9. A | 14. D |
| 5. D | 10. B | 15. B |

**Balikan**

Mga Lambak ng Ilog ng Sinaunang Kabihasnan

| | |
|---|---|
| Ehipto- | Ilog Nile |
| Mesopotamia- | Ilog Tigris and Euphrates |
| India- | Ilog Indus |
| China- | Ilog Huang Ho |

**Tuklasin**

Mga salitang maaaring iugnay sa salitang kabihasnan:

Pinagmulan, sibilisasyon, pag-unlad, unang pamayanan, kaunlaran

Ano ang iyong mahinuha tungkol sa kabihasnan?

Ang kabihasnan isang yugto ng kaunlaran sa pamamagitan ng pananatili sa isang pamayanan, na may sariling batas, sining at pinuno.

**Pamprosesong Tanong:**

Ano ang mahalagang ambag ng Kabihasnang Ehipsyo sa larangan ng agrikultura?

Mahalagang Ambag ng Ehipsiyo sa larangan ng Agrikultura.

1. Nakagawa sila ng sistema ng irigasyon
2. Nakagawa sila ng imbakan ng tubig
3. Nakpagtanim sila ng iba't ibang uri ng pananim

**Pamprosesong Tanong:**

Ano ang mahalagang patunay na naging maunlad at mayaman ang kabihasnang Indus?

Napatunayan ng kabihasnang Indus ang pag-unlad ng kanilang dalawang lungsod ang Mohenjo-Daro at Harappa. Nakapag-ambag sila ng Sistema ng pagsusulat, may sariling pamahalaan at maunlad ang kanilang Sistema ng agrikultura.

**Pamprosesong Tanong:**

Ano ang pinakamahalagang ambag ng kabihasnang Mesopotamia sa larangan ng paggawa ng batas?

Ang pinakamahalagang naiambag ng Mesopotamia sa larangan ng batas ay ang Kodigo ni Hammurabi. Ito ang kauna-unahang batas na naisulat sa Mesopotamia.

**Isaisip**

Ang natamong kaunlaran ng daigdig ay bunga ng pagsisikap ng mga sinaunang kabihasnan. Ang kanilang mga nagawa ay naging gabay sa makabagong panahon upang ito ay paunlarin at gamitin,

**Tayahin**

1. D
2. C
3. D
4. D
5. B
6. B
7. A
8. D
9. C
10. D
11. A
12. A
13. C
14. A
15. B

**Gawain:**
**Hanap Kahon?**

1. Cuneiform
2. Mohenjo-Daro at Harappa
3. Legalism
4. Ziggurat
5. Piramide
6. Dravidian
7. Hanging Gardens
8. Great Wall
9. Taoism
10. Mandate of Heaven

**Gawain:**
**Yaman Ko, Kaban Mo!**

1. Mesopotamina
2. Indus
3. Indus
4. Egypt
5. Tsino
6. Tsino
7. Mesopotamia
8. Mesopotamia
9. Indus
10. Tsino

**Isagawa**

| | | |
|---|---|---|
| Mesopotamia - | Pulitika : | nakagawa sila ng Kodigo ni Hammurabi |
| | Ekonomiya: | nakagawa sila ng irigasyon, pinaunlad ang kalakalan |
| | Relihiyon: | Mayroon silang sariling kinikilalang diyos |
| Indus- | Pulitika: : | Mayroon silang lider |
| | Ekonomiya: | Pinalago nila ang Sistema ng agrikultura |
| | Relihiyon : | Mayroon silang kinikilalang diyos |
| Tsino- | Pulitika : | nakapagtayo sila ng iba't ibang dinastiya |
| | Ekonomiya: | Pinaunlad nila ang kanilang sitema ng pagtatanim at kalakalan |
| | Relihiyon: | Mayroon silang sariling paniniwala at nakapag-ambag ng relihiyong Budismo. |
| Ehipto- | Pulitika: | Mayroon silang sariling kinikilalang pinuno ang pharaoh |
| | Ekonomiya: | Pinaunlad nila ang kanilang Sistema ng agrikultura, naimbento ang paggawa ng kanal at irigasyon. |
| | Relihiyon : | Mayroon silang sariling kinikilalang diyos. |

## *Sanggunian*


Blando, Rosemarie C., Michael M. Mercado, Mark Alvin M. Cruz, Angelo C. Espiritu, Edna L. De Jesus, Asher H. Pasco, Rowel S. Padernal, Yorina C. Manalo, Kalenna Lorene S. Asis. 2014*. Kasaysayan ng Daigdig: Araling Panlipunan 8 – Modyul ng mag-aaral.* Pasig City, Philippines: Vibal Group Inc. and Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS).

Mateo, Grace Estela C., Rosita D. Tadena, Mary Dorothy dl. Jose, Celinia E. Balonso, Celestina P. Boncan, John N. Ponsaran and Jerome A. Ong. 2012. *Kasaysayan ng Daigdig*: Batayang aklat sa Araling Panlipunan Ikatlong Taon. Quezon City, Philippines: Vibal Publishing House, Inc.

Vivar, Teofista L., Nieva J. Discipulo, Priscilla H. Rille, Zenaida M. de Leon. 2000. *Kasaysayan ng Daigdig*: Batayang Aklat sa Ikatlong Taon. Metro Manila, Philippines: Sd Publications, Inc.

Philippines. Department of Education. (1995). *Ang Sinaunang Kabihasnan ng Daigdig* Modyul 3*.* Pasig City: Bureau of Secondary Education Project EASE.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph